



Rabbi -ghfir lī khaṭī'atī wa-jahlī wa-isrāfī fī amrī kullihi wa-mā anta a`lamu bihi minnī. Allāhumma -ghfir lī khaṭāyāya wa-`amdī wa-jahlī wa-hazlī wa-kullu dhālika `indī. Allāhumma -ghfir lī mā qaddamtu wa-mā akhkhartu, wa-mā asrartu wa-mā a`lantu. Anta -Imuqaddimu wa anta -Imu'akhkhiru, wa-anta `alā kulli shay'in qadīr. (O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa pagkakamali ko, pagkamangmang ko, pagpapakalabis ko sa nauukol sa akin sa kabuuan nito, at anumang Ikaw ay higit na nakaaalam niyon kaysa sa akin. O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa mga pagkakamali ko, pananadya ko, pagkamangmang ko, at pagbibiro ko. Ang lahat ng iyon ay sa ganang akin. O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa anumang ipinauna ko at anumang ipinahuli ko, at anumang inilihim ko at anumang inihayag ko. Ikaw ay ang Tagapagpauna at Ikaw ay ang Tagapagpahuli. Ikaw sa bawat bagay ay May-kakayahan.)" }

Ayon kay Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), siya noon ay dumadalangin ng panalangin ito: "Rabbi -ghfir lī khaṭī'atī wa-jahlī wa-isrāfī fī amrī kullihi wa-mā anta a`lamu bihi minnī. Allāhumma -ghfir lī khaṭāyāya wa-`amdī wa-jahlī wa-hazlī wa-kullu dhālika `indī. Allāhumma -ghfir lī mā qaddamtu wa-mā akhkhartu, wa-mā asrartu wa-mā a`lantu. Anta -Imuqaddimu wa anta -Imu'akhkhiru, wa-anta `alā kulli shay'in qadīr. (O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa pagkakamali ko, pagkamangmang ko, pagpapakalabis ko sa nauukol sa akin sa kabuuan nito, at anumang Ikaw ay higit na nakaaalam niyon kaysa sa akin. O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa mga pagkakamali ko, pananadya ko, pagkamangmang ko, at pagbibiro ko.

Ang lahat ng iyon ay sa ganang akin. O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa anumang ipinauna ko at anumang ipinahuli ko, at anumang inilihim ko at anumang inihayag ko. Ikaw ay ang Tagapagpauna at Ikaw ay ang Tagapagpahuli. Ikaw sa bawat bagay ay May-kakayahan.)"}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Kabilang sa mga masaklaw na panalangin ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang sabi niya: "Rabbi -ghfir lī khaṭī'atī (O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa pagkakamali ko,) pagkakasala ko "wa-jahlī (pagkamangmang ko,)" at anumang naganap mula sa akin nang walang kaalaman. "wa-isrāfī fī amrī kullīhi (pagpapakalabis ko sa nauukol sa akin sa kabuuan nito,)" pagkukulang ko, paglampas ko sa hangganan, "wa-mā anta a`lamu bihi minnī (at anumang Ikaw ay higit na nakaaalam niyon kaysa sa akin) na nakaalam Ka nito mismo, O Allāh, at nakalimot ako nito mismo. "Allāhumma -ghfir lī khaṭāyāya wa`amdī (O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa mga pagkakamali ko, pananadya ko,)" anumang namutawi buhat sa isang pananadya mula sa akin at isang kaalam mula sa akin ng mga pagkakasala, "[wa-jiddī] wa-hazlī ([pagseseryoso ko,] at pagbibiro ko,)" anumang namutawi buhat sa isang pagpapatawa, at anumang naganap mula sa akin sa dalawang kalagayan. "wa-kullu dhālika `indī (Ang lahat ng iyon ay sa ganang akin)" yayamang natipon ang nabanggit na mga pagkakasala at mga kapintasan. "Allāhumma -ghfir lī mā qaddamtu (O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa anumang ipinauna ko" sa anumang nakalipas "wa-mā akhkhartu,(at anumang ipinahuli ko,)" sa anumang darating, "wa-mā asrartu (at anumang inilihim ko)," anumang ikinubli ko, "wa-mā asrartu wa-mā a`lantu (at anumang inihayag ko)" at anumang inilantad ko. "Anta -lmuqaddimu wa anta -lmu'akhkhiru, (Ikaw ay ang Tagapagpauna at Ikaw ay ang Tagapagpahuli.)" Nagpapauna Ka sa sinumang niloob Mo mula sa nilikha mo tungo sa awa Mo at pagtutuon Mo sa anumang kinalulugdan Mo. Ikaw ay nagpapahuli sa sinumang niloloob Mo buhat doon dahil sa pagtatwa Mo sa kanya kaya walang tagapagpauna sa anumang ipinahuli Mo at walang tagapagpahuli sa anumang ipinauna Mo kabilang sa mga bagay-bagay. "wa-anta `alā kulli shay'in qadīr (Ikaw sa bawat bagay ay May-kakayahan)" na lubos sa kakayahan, ganap sa pagnanais, palagawa ng bawat anumang niloloob Mo.

<https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5483>

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

